PROPOSISYON **42**

# MGA PAMPUBLIKONG REKORD. MGA BUKAS NA PULONG. PAGBABAYAD NG ESTADO SA MGA LOKAL NA AHENSIYA. PAMBATASANG SUSOG SA SALIGANG-BATAS.

**OPISYAL NA TITULO AT BUOD** **INIHANDA NG PANGKALAHATANG ABUGADO**



## MGA PAMPUBLIKONG REKORD. MGA BUKAS NA PULONG. PAGBABAYAD NG ESTADO SA MGA LOKAL NA AHENSIYA. PAMBATASANG SUSOG SA SALIGANG-BATAS.

- Nag-aatas sa mga lokal na ahensiya ng pamahalaan, kabilang ang mga lunsod, county, at distrito ng paaralan, na sumunod sa tinukoy na mga batas ng estado na nagtatadhana ng kakayahan ng publiko na mapuntahan ang mga pulong ng mga lupon ng lokal na pamahalaan at makuha ang mga rekord ng mga opisyal ng pamahalaan.
- Nag-aalis ng iniaatas na bayaran ng Estado ang mga lokal na ahensiya ng pamahalaan para sa pagsunod sa tinukoy na mga batas na ito.

**Buod ng Tantiya ng Pambatasang Manunuri sa Netong Epekto sa Pananalapi ng Estado at Lokal na Pamahalaan:**

- Nabawasang mga pagbabayad ng estado sa mga lokal na pamahalaan na nasa sampu-sampung milyong dolyar taun-taon.
- Posibleng tumaas na mga gastos ng lokal na pamahalaan na sampu-sampung milyong dolyar taun-taon mula sa posibleng karagdagang mga iniaatas ng estado sa mga lokal na pamahalaan upang ihanda ang impormasyon sa publiko.

**MGA PANGWAKAS NA BOTO NG LEHISLATURA SA SCA 3 (PROPOSISYON 42)**

**(Kabanata 123 ng Resolusyon, Mga Batas ng 2013)**

| | | |
|---|---|---|
| Senado: | Mga Oo 37 | Mga Hindi 0 |
| Asembleya: | Mga Oo 78 | Mga Hindi 0 |

## PAGSUSURI NG PAMBATASANG MANUNURI

### BATAYAN

***Ang California ay May Libu-libong Lokal na Pamahalaan.*** Ang mga Taga-California ay tumatanggap ng mga serbisyo mula sa libu-libong lokal na pamahalaan—mga county, lunsod, at distrito ng paaralan at kolehiyo ng komunidad, at mga espesyal na distrito (tulad ng mga distrito ng bumbero, mga distrito ng pagkontrol sa baha, at mga distrito ng tubig). Ang bawat lokal na pamahalaan ay may isang lokal na namamahalang lupon (tulad ng konseho ng lunsod o lupon ng mga superbisor ng county) na gumagawa ng mga desisyon tungkol sa mga programa, serbisyo, at pagpapatakbo nito.

***Kakayahan ng Publiko na Makuha ang Impormasyon sa Lokal na Pamahalaan.*** Ang Saligang-batas ng Estado ay nag-aatas na ang mga pulong ng mga namamahalang lupon at mga isinulat ng mga pampublikong opisyal at mga ahensiya ay gawing bukas sa pagsusuri ng publiko. Dalawang batas ng estado ang nagtatag ng mga tuntunin na dapat sundin ng mga lokal na pamahalaan upang magkaloob ng daan sa mga impormasyon at mga pulong ng lokal na pamahalaan.

- ***Batas sa mga Pampublikong Rekord ng California.*** Ang batas na ito ay nagpapahintulot sa bawat tao na magsiyasat at kumuha ng mga kopya ng mga dokumento ng pang-estado at lokal na pamahalaan. Ito ay nag-aatas sa mga ahensiya ng estado at mga lokal na pamahalaan na magtatag ng mga nakasulat na patnubay para sa daan ng publiko sa mga dokumento at ipaskil ang mga patnubay na ito sa kanilang mga opisina.
- ***Batas na Ralph M. Brown.*** Ang batas na ito ay namamahala sa mga pulong ng mga namamahalang lupon ng mga lokal na pamahalaan. Ito ay nag-aatas sa mga lokal na namamahalang lupon na magbigay ng paunawa sa publiko tungkol sa mga nasa adyenda at ganapin ang mga pulong sa isang bukas na talakayan.

***Mga Pagbabayad ng Estado para a mga Pampublikong Rekord at mga Gastos sa Batas na Brown.*** Sa pagdaan ng mga taon, binago ng Lehislatura ang Batas sa mga Pampublikong Rekord at Batas na Brown sa pana-panahon. Ang ilan sa mga pagbabagong ito ay nagtaas ng mga responsibilidad at mga gastos ng lokal na pamahalaan. Ang estado ay pangkaraniwang dapat magbayad sa mga lokal na pamahalaan para sa mga gastos ng mga ito kapag itinataas nito ang mga responsibilidad ng mga ito—isang iniaatas na isinasaalang-alang ng mga opisyal ng estado kapag nagrerepaso ng mga mungkahi na nagtataas ng mga gastos ng lokal na pamahalaan. Sa ilalim ng kasalukuyang batas, ang estado ay dapat magbayad sa mga lokal na pamahalaan para sa mga gastos ng mga ito upang ipatupad ang mga partikular na bahagi ng Batas sa mga Pampublikong Rekord (tulad ng iniaatas na tulungan ang mga miyembro ng publiko na naghahangad ng mga rekord at sabihin sa mga taong naghahangad ng mga rekord kung ang mga rekord ay maibibigay). Ang halaga ng pera na dapat bayaran ng estado sa mga lokal na pamahalaan para sa mga gastos ng mga ito sa Batas sa mga Pampublikong Rekord ay hindi pa alam, pero tinatantiya na ito ay nasa sampu-sampung milyong dolyar taun-taon. Bilang karagdagan, ang estado ay nagbayad na noon sa mga lokal na pamahalaan para sa mga gastos ng mga ito mula sa mga partikular na bahagi ng Batas na Brown. Gayunman, sinusugan ng mga botante ng California ang Saligang-batas noong 2012 upang alisin ang responsibilidad ng estado na bayaran ang mga lokal na pamahalaan sa mga gastos na ito sa Batas na Brown.

## MUNGKAHI

Ang panukalang ito ay:

- Nagdaragdag sa Saligang-batas ng Estado ng iniaatas na sundin ng mga lokal na pamahalaan ang Batas sa mga Pampublikong Rekord at Batas na Brown.
- Nag-aalis ng responsibilidad ng estado na bayaran ang mga lokal na pamahalaan para sa mga gastos ng mga ito na may kaugnayan sa mga batas na ito. (Gaya ng nabanggit sa itaas, ang responsibilidad ng estado na magbayad para sa mga gastos sa Batas na Brown ay inalis noong 2012.)

Ang panukalang ito ay angkop sa mga kasalukuyang iniaatas ng mga batas na ito, gayon din sa anumang mga pagbabago sa hinaharap sa alinmang batas na ginawa upang pabutihin ang daan ng publiko sa impormasyon o mga pulong ng pamahalaan.

## Mga Epekto sa Pananalapi

***Epekto sa mga Gastos ng Estado at mga Lokal na Kita.*** Sa pag-alis ng responsibilidad ng estado para sa pagbabayad ng mga gastos ng lokal na pamahalaan upang sundin ang Batas sa mga Pampublikong Rekord, ang panukala ay magreresulta sa mga matitipid ng estado at maihahambing na mga pagbawas sa kita ng mga lokal na pamahalaan. Ang epekto ay malamang na nasa sampu-sampung milyong dolyar sa isang taon.

***Posibleng Epekto sa mga Lokal na Gastos.*** Ang panukala ay maaari ring magbago sa kilos sa hinaharap ng mga opisyal ng estado. Ito ay dahil sa ilalim ng Proposisyon 42, ang estado ay makakagawa ng mga pagbabago sa Batas sa mga Pampublikong Rekord at ito ay hindi kailangang magbayad sa mga lokal na pamahalaan sa mga gastos ng mga ito. Kaya, ang mga opisyal ng estado ay maaaring gumawa ng *mas maraming* pagbabago sa batas na ito kaysa kung iba ang kalagayan. Sa kasong ito, ang mga lokal na pamahalaan ay maaaring magtamo ng **karagdagang mga gastos—posibleng nasa sampu-sampung milyong dolyar taun-taon sa hinaharap.**

**Bisitahin ang *http://cal-access.sos.ca.gov* para sa mga detalye tungkol sa mga pinansiyal na kontribusyon para sa proposisyong ito.**

*Para sa teksto ng Proposisyon 42, tingnan ang pahina 42.*